Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Wastong Paggamit ng Pokus ng Pandiwa na Pinaglaanan at Kagamitan sa Pagsulat**

**I. PANUTO:** Isulat ang **TAMA** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay wastong kaisipan at **MALI** naman kung ito ay nagpapahayag ng hindi wastong kaisipan.

_____ 1. Tinatawag na pokus sa pinaglalaanan kapag ang pinaglalaanan sa pagsasagawa ng kilos sa isinasaad ng pandiwa ang gumaganap bilang paksa o simuno ng pangungusap. Gumagamit ito ng panlaping binanghay sa ipang-, at ma+ipang.

_____ 2. Bawat pandiwa ay gumagamit ng panlapi na nagbibigay-tuon sa pinaglalaanan o tuon nito at ito ay tinatawag na pokus ng pandiwa,

_____ 3. Tinatawag na pokus sa kagamitan ang pandiwa kapag ang instrumento o kasangkapan ay ang paksa o simuno ng pangungusap. Gumagamit ito ng mga panlaping makadiwang i-, ipag-, ma+ipag-, at ipagpa.

_____ 4. Ginagamit ang mga panlaping mag- at -an sa pokus ng kagamitan.

_____ 5. Gumagamit ng mga panlaping ipang- at ma+ipang na idinurugtong sa pandiwa upang makabuo ng pangungusap na ang pokus ay sa kagamitan.

**II. PANUTO:** Bilugan ang ginamit na pandiwa sa pangungusap. Pagkatapos, isulat sa patlang kung ang pandiwang ginamit ay nasa pokus ng pinaglalaanan o kagamitan. Dalawang puntos bawat bilang.

___________ 6-7. Ipinitas ni Henry ng bulaklak si Eliza.

___________ 8-9. Ipinambayad ni Eliza sa taksi ang perang natanggap kay Henry.

___________ 10-11. Ipinanlaban ni Eliza ang mga nasirang bulaklak sa paghingi nito ng kabayaran kay Gng. Hill.

___________ 12-13. Ihahanap ni Eliza ng hustisya ang sinapit niya sa kamay ni Henry.

___________ 14-15 Hinikayat ni Henry na ipambayad sa pag-aaral ni Eliza ang pera ni Pickering.